Republic of the Philippines
Department of Education
Division of Imus City
BRIMESTONE Academy Inc.
"A Christian School With A Mission"
Blk. 44, Lot 55-65 Annex A, GPL1, Malagasang 1-G, Imus Cavite (Main)
Blk. 18 Lot 13-15, Phase 2, Green Estate 2, Malagasang 1-F, Imus, Cavite (Annex)

Date: **October 13, 2020**

School Memorandum No. 10 s. 2020-2021

Para sa: **Guro at Magulang**
Ipinalabas ng: **Punong Tanggapan ng Paaralang Brimestone Academy Inc.**
Subject: **Mga Panibagong Alituntunin para Tele-Class at Online Learning**

Bilang pag-iingat sa inpormasyon ng aming mga mag-aaral at sa seguridad ng ating online classes, ang paaralan ay magpapatupad ng ilang pagbabago sa mga alituntunin nito sa pagsasagawa ng Tele-Class simula **October 15, 2020**. Ito ay kaugnay ng mga pangyayari sa ilang paaralan kung saan mayroon mga taong nakakapasok sa *online class* na hindi awtorisado at may hanggaring ikasasama ng ating paaralan, mag-aaral at kalidad ng pagtuturo.

1. Ang kasalukuyang ginagamit na *link* ay babaguhin simula sa **October 15, 2020** at hindi pahihintulutan ang mga guro na ilagay ang naturang *link* sa alin mang *social networking media* kasali na ang *Facebook Messenger*. Ang naturang *link* ay makikita sa bawat asignatura ng mag-aaral sa ***Brimestone Online.***

2. Sa pagsali sa ating Tele-class, kinakailangan munang ilagay ang *Passcode* na makikita rin sa bawat assignatura sa ating *system*.

3. Ang lahat ng guro ay hindi mag-a-*admit* sa Tele-Class hangga't hindi nasisigurado ang pagkakakilanlan nito, kaya't mainam na baguhin ang pangalan sa Zoom Meeting o makipag-ugnayan muna sa guro upang ipaalam ang inyong pangalan sa Zoom.

4. Hindi na rin papayagan ang pagsali ng dalawang *account* para sa iisang mag-aaral, gayundin, ang pagsali ng sinuman hindi malaman ang pagkakakilanlan.

5. Ang mga pagbabagong ito ay para sa ikabubuti ng seguridad ng ating mga mag-aaral, kaya, inaasahan ang pakikiisa ng lahat ng magulang, mag-aaral at guro.

Rev. Dr. Bobby M. Brimon
President/Principal